

**BE SAFE** ★  
**CHICAGO** ★



**Maging Ligtas.**  
**Pangangalaga sa Bata**

# Maging Ligtas. Pangangalaga sa Bata

Ano ang nasa gabay na ito?



Dahan-dahang  
Pagpapanumbalik  
(Yugto IV)

## Ang maingat na muling pagbubukas ng Chicago ay nangangailangan ng:

### Mga malusog na pakikisalamuha

#### Paglayo sa kapwa



Mga limitasyon sa pisikal na layo mula sa ibang indibidwal

#### Laki ng pagpupulong



Mga limitasyon sa mga pagpupulong ng mga indibidwal

#### Pamprotektang gamit



Paggamit ng pamprotektang gamit ng mga indibidwal

#### Mga kinakailangan para sa kalinisan



Pagtiyak ng malinis na pakikisalamuha (hal., paghugas ng kamay)

### Mga ligtas na espasyo at kondisyon

#### Access sa pagpasok



Kondisyon para sa paglabas/pagpasok para sa access sa espasyo

#### Mga pamantayan sa paglilinis



Mga ginawa para disimpektahan ang lugar

#### Nakitang patnubay



Mga mapagkukunan sa kalinisan at gabay na nakapaskil sa espasyo

#### Mga kondisyon sa lugar ng trabaho



Pagsusuri ng dami ng taong naglalakad, bentilasyon, atbp.

### Mga matatag na operasyon at pagsubaybay

#### Mga modelong may pleksibilidad



Pleksibilidad pagdating sa pagliban dahil sa sakit, pagtatrabaho mula sa malayo (kapag posible)

#### Mga matatag na operasyon



Suporta para sa pleksibilidad ng operasyon (hal., maraming shift)

#### Mga alituntunin sa pagbiyahe



Paghihigpit sa pagpapalipat-lipat ng lokasyon ng mga tao

#### Pagsusuri / pagsubaybay



Pangangasiwa ng pagsusuri at pagsubaybay

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE  
CHICAGO**



# Maging Ligtas. Pangangalaga sa Bata

Mga malusog na pakikisalamuha



Dahan-dahang  
Pagpapanumbalik  
(Yugto IV)



Paglayo sa  
kapwa

## Para mabawasan ang pakikisalamuha sa pagitan ng mga bata sa isang sentro, magtaguyod ng mga matatag na pangkat

- Paghiwalayin ang mga bata sa mga grupong nakatakda sa mga partikular na kuwarto, na may 2 permanenteng miyembro ng tauhang nakatakda sa bawat grupo (*ang dami ay alinsunod sa ratio na ibinigay sa paglilisensya ng estado*)
- Itigil ang lahat ng pinagsamang aktibidad kung saan karaniwang makikisalamuha ang mga bata sa ibang grupo. Kabilang, ngunit hindi limitado dito, ang mga lugar para sa gross motor skills (malalaking paggalaw)
- Kumain sa nakatakdang kuwarto; lahat ng pagkaing hinahain (almusal, tanghalian, meryenda) ay dapat na nakalagay sa indibidwal na balot
- Magdagdag ng 4 sq. ft. na pinakamaliit na lugar para sa pagtulog ng bawat bata para tiyaking mailalagay ang mga higaan nang 6 na talampakan ang layo sa isa't isa
- Iwasan ang pagpunta sa mga pampublikong palaruan; ang mga Sentro na may palaruan sa loob nito ay maaaring gumamit nito kapag hindi magkakahalo ang mga grupo at nililinis ang kagamitan pagkatapos gamitin ng bawat grupo



Laki ng  
pagpupulong

## Limitahan ang laki ng grupo sa 15 o mas kaunti pa ayon sa mga kinakailangan ng estado para sa paglilisensya batay sa edad ng pangkat

- Huwag payagan ang mga bata na magpalit ng grupo o programa sa loob ng isang pasilidad kapag naitaguyod na ang mga pangkat
- Gumawa ng mga iskedyul ng grupo upang limitahan ang mga pakikisalamuha sa iba pang bata/magulang/tagapangalaga sa simula at katapusan ng araw
- Payagan ang mga kwalipikadong kapalit na lumipat sa pagitan ng dalawang silid-aralan kung pinapalitan ang PPE kapag lumilipat mula sa isang kuwarto papunta sa isa pa
- Tiyakin na mayroong mga kwalipikadong kapalit na guro kapag wala ang tauhan

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE  
CHICAGO

# Maging Ligtas. Pangangalaga sa Bata

Mga malusog na pakikisalamuha



Dahan-dahang  
Pagpapanumbalik  
(Yugto IV)



## Magsusuot ang mga tauhan, magulang o tagapangalaga ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras

- Sa lahat ng espasyong nasa loob na ginagamit ng lahat, dapat gumamit ng mga pantakip ng mukha sa ibabaw ng ilong at bibig (maaaring gawin ang mga eksempsyon para sa mga taong may medikal na kondisyon o mga kapansanan na humahadlang sa kanila mula sa ligtas na pagsusuot ng pantakip sa mukha)
- Iatas sa lahat ng tauhan, magulang o tagapangalaga, at bisita na magsuot ng pantakip sa mukha sa lahat ng oras habang nasa lugar; nakakatulong ang mga transparent na pantakip sa mukha sa mga bata na mabasa ang mga ekspresyon ng mukha, at/o pakikipagkomunika ng indibidwal, hal., pagbabasa sa sinasabi ng labi
- Hindi kinakailangan ang mga pantakip sa mukha para sa mga batang wala pang dalawang taong gulang, o sa mga mas may edad na bata habang naglalaro sa labas, kumakain, umiinom, natutulog, o umiidlip (ipagpalagay na napapanatili ng mga bata ang pagdistansya sa kapwa)
- Bagaman maaaring hindi posible para sa mga mas maliit na bata na sundin ang pagsuot ng pantakip sa mukha, dapat hikayatin ang mga batang nag-aaral na magsuot ng mga ito
- Isalang-alang ang hindi pagsusuot ng mga pantakip sa mukha kung ang pagsunod ay nagpapadalas sa paghawak ng mga bata sa kanilang mukha



## Titiyakin ng mga tauhan ang regular na pattern ng paghuhugas ng kamay para sa lahat ng bata (bawat oras, kung maaari)

- Hugasan ang mga kamay sa anumang oras na lumipat ng lokasyon ang mga tauhan
- Access sa mga sanitizer sa bawat kuwarto, at sa front desk
- Kung maaari, dapat magpalit ang mga tauhan ng ibang damit at sapatos sa site; Tiyaking regular na nilalabhan ang mga damit na iniwan at tinatago sa site

- Inirerekomendang patnubay -

**BE SAFE  
CHICAGO**

# Maging Ligtas. Pangangalaga sa Bata

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang  
Pagpapanumbalik  
(Yugto IV)



## Magsagawa ng pang-araw-araw na pagsusuri sa kalusugan sa lahat ng bata, tagapagbigay ng pangangalaga, tauhan, at bisita

- Bago lumabas ng bahay, hinihikayat ang lahat ng indibidwal na tukuyin sa sarili ang mga sintomas at manatili sa bahay kung mayroon sila ng mga sintomas
- Bago pumasok sa lugar ng trabaho, susuriin ng mga empleyado ang kanilang sarili (hal., palatanungan – tingnan ang appendix) para matiyak na wala silang sintomas ng COVID-19
- Isama sa mga pagsusuri sa kalusugan ng mga bata ang mga pagsusuri sa sintomas at temperatura sa pasukan; habang nasa itinalagang lugar para sa paghihintay ang mga magulang o tagapangalaga na nakasuot ng mga pantakip sa mukha
- Ang mga taong nagpapakita ng mga palatandaan ng sakit o may lagnat na 100.4° o higit pa ay hindi dapat pahintulutan sa lugar
- Bawasan ang mga pakikisalamuha sa mga magulang o tagapangalaga at iba pang bata sa pamamagitan ng pagtatalaga ng lugar para sa paghahatid sa loob
- Itala ang pagpasok ng bawat bata nang may nauugnay na impormasyon (hal.: pangalan, numero sa telepono, address) bago sila payagang pumasok sa ibang bahagi ng sentro; hikayatin ang walang contact na pag-login at limitahan ang pagkakatantad sa buong proseso ng pagpasok hangga't maari
- Kung saan maari, hikayatin ang parehong magulang o tagapangalaga na pumunta sa center para sa pagsundo/paghahatid upang malimitahan ang pagkakatantad; Subukang pigilan ang mga mas nakatatandang nasa hustong mula sa pagiging ang nakatalagang tagahatid / tagasundo
- Mga esensyal na tauhan lamang ang dapat na nasa site; hikayatin ang mga hindi esensyal na tauhan na magtrabaho mula sa tahanan para limitahan ang kapasidad at bawasan ang pagkakatantad
- Sundin ang permanenteng iskedyul para sa lahat ng bisita at payagan lamang ang pagpasok matapos ang pag-log in at kumpletong pagsusuri sa kalusugan
- Kung maari, magsimula ng iba-ibang oras para sa paghatid at pagsundo

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE  
CHICAGO

# Maging Ligtas. Pangangalaga sa Bata

Mga ligtas na espasyo at kondisyon sa trabaho



Dahan-dahang  
Pagpapanumbalik  
(Yugto IV)



## Pabutihin ang proseso ng paglilinis sa pagitan ng mga shift at paglilinis ng mga patungan at gamit na madalas hawakan

- Sundin ang mga alituntunin sa paglilinis na ibinalangkas ng CDC
- Linisin ang mga patungan at gamit na madalas hawakan kada 2 oras; kung maaari, huwag na gamitin ang mga ito
- Kung saan naaangkop, panatilihin bukas ang mga pintuan at bintana sa mga kuwarto para sa bentilasyon
- Kumpletong paglilinis ng buong lugar pagkatapos ng bawat shift
- Hugasan ang mga laruan pagkatapos gamitin ng bawat grupo, tanggalin ang mga laruang hindi madalas malilinis (tulad ng mga stuffed toy); kung maaari, dapat hiwalay ang mga laruan para sa bawat grupo



## Magtatag ng mga patakaran sa mga bata at magulang/tagapangalaga bago ang pagpasok

- Gumamit ng mga nakikitang marka saanman ito posible (mga pasukan, pasilyo, lugar para sa paghahatid, banyo)
- Pag-isipang maglagay ng mga palatandaang nagpapakita ng 6 na talampakang layo sa lugar para sa pagsundo / paghahatid



## Tukuyin ang lahat ng masisikip na lugar (mga pasilyo, pasukan), at tiyaking nasusunod ang mga gawi para sa paglayo sa kapwa

- Magtakda ng nakabukod na lugar para sa mga batang may sintomas (na may nagbabantay); linisin ang lugar at iwanang walang tao nang hindi bababa sa 3 oras pagkatapos gamitin. Dapat umalis ang mga tauhang may sintomas sa lalong madaling panahon
- Isang grupo lang ang pahintulatang gumamit ng kuwarto para sa gross motor skills (malalaking paggalaw) sa anumang oras,, at linisin ang kuwarto pagkatapos ng bawat paggamit
- Limitahan ang paggamit ng mga elevator, at limitahan ang kapasidad sa mas mababa sa 25%

- Inirerekomendang patnubay -

BE SAFE  
CHICAGO

# Maging Ligtas. Pangangalaga sa Bata

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang  
Pagpapanumbalik  
(Yugto IV)



## Ipaalam sa mga magulang/tagapangalaga at komunidad ang tungkol sa bagong pamamaraan ng pagpapatakbo

- Ipaalam ang mga bagong paraan sa mga magulang/ tagapangalaga at kunin ang kanilang nakasulat na pahintulot
- Makipagkomunika sa mga magulang o tagapangalaga sa pamamagitan ng mga walang contact na paraan (hal., mga mobile application); kung hindi maaari ang mga walang contact na paraan, magpadala ng mga care sheet sa bahay upang ipaalam sa mga magulang o tagapangalaga ang progreso ng kanilang anak
- Isaugali ang balikang komunikasyon sa mga naaangkop na awtoridad ng lungsod at estado, at i-update ang mga tauhan tungkol sa mga bagong hakbang / pinakamainam na gawi



## Magbigay ng sapat na pagsasanay para tiyakin ang pagsunod

- Suriin ang mga nauugnay na template, checklist, at alituntunin ng DCFS tungkol sa mga pagbabago sa mga regulasyon
- Magbigay ng karagdagang pagsasanay para sa lahat ng tauhan tungkol sa kung paano pinakamainam na mapapangalagaan ang mga bata gamit ang mga bagong alituntunin




# Maging Ligtas. Pangangalaga sa Bata

Mga operasyon at pagsubaybay



Dahan-dahang  
Pagpapanumbalik  
(Yugto IV)



## Sundin ang mga patnubay ng CDPH at CDC para sa mga protokol para sa pagsusuri at pagsubaybay

- Kung magkaroon man ng COVID-19 ang isang empleyado, dapat niyang sundin ang lahat ng alituntunin ng CDC bago bumalik sa trabaho
- Kung natukoy ang isang empleyado bilang positibo sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagsusuri, dapat gawin ang paglinis at pagdisimpekta ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Sinumang empleyadong nagkaroon ng malapit na pakikipagsalamuha sa katrabaho o sinumang iba pang taong natukoy na may COVID-19 ay dapat mag-quarantine nang mag-isa ayon sa mga alituntunin ng CDC
- Kung nalaman ng pasilidad na may 2 o higit pang kaso na maaaring nauugnay sa isang lugar o negosyo sa loob ng magkakasunod na 14 na araw, kailangang iulat ng mga employer ang mga kaso sa CDPH
- Sundin ang lahat ng patnubay ng CDPH at sumunod sa mga rekomendasyon ng CDPH bilang tugon sa paglaganap ng sakit sa lugar ng trabaho

- Inirerekomendang patnubay -



# Maging Ligtas. Pangangalaga sa Bata

Paraan ng Muling Pagbubukas



Dahan-dahang  
Pagpapanumbalik  
(Yugto IV)

## Muling pagbubukas ng pangangalaga sa bata sa Illinois<sup>1</sup>

### Mga kinakailangan sa muling pagbubukas para sa Mga Sentro ng Pangangalaga sa Bata

- Binuo ang isang dahan-dahang paraan para muling mabuksan nang ligtas ang mga programa ng pangangalaga sa bata
- Bago ang pagbubukas para sa pangangalaga, dapat magsumite ang lahat ng programa sa DCFS ng plano para sa muling pagbubukas na may kasamang plano sa pagpapatakbo at paghahanda
- Para sa unang apat na linggo ng pagpapatakbo, dapat magpatakbo ang mga sentro nang may mas maliliit na laki ng grupo
  - Limitado sa 8 sanggol, o 10 bata sa lahat ng iba pang grupo ng edad (bawat kuwarto)
  - Ang mga sentrong nagpapatakbo sa ilalim ng mga lisensya para sa pang-emergency na pangangalaga sa bata nang hindi bababa sa 4 na linggo ay nakatugon na sa kinakailangang ito.
- Bago palawakin ang pagpapa-enroll, ang lahat ng sentro ay dapat:
  - Suriin ang kanilang plano para sa muling pagbubukas kasama ang kanilang DCFS Licensing Representative (Kinatawan ng DCFS para sa Paglilisensya)
  - Mayroong hindi bababa sa 50 sq. ft. para sa bawat batang 2 taong gulang pataas
  - Magdagdag ng 4 sq. ft. na pinakamaliit na lugar para sa pagtulog ng bawat bata para sa mga sanggol at toddler para tiyaking mailalagay ang mga crib at higaan nang 6 na talampakan ang layo sa isa't isa
- Mananatili ang mga ratio ayon sa mga regulasyon sa paglilisensya para sa lahat ng grupo ng edad

### Mga kinakailangan sa muling pagbubukas para sa Mga Tahanan ng Pangangalaga sa Bata

- Ang mga tahananang maaaring magpatakbo nang walang lisensya ay dapat bumalik sa kanilang mga limitasyon sa grupo bago ang COVID-19
- Dapat magsumite ang mga programa ng plano para sa muling pagbubukas na may bahagi para sa pagpapatakbo at pagiging handa

*1. Nakalagay dito ang mga alituntunin para sa lahat ng provider na inilabas ng GOECD, IDPH, DHS and DCFS bilang sanggunian lamang. Mangyaring bumisita sa [page na ito](#) para sa pinakabagong impormasyon, at sa [page na ito](#) para sa webinar na mas detalyadong naglalarawan sa mga alituntunin.*

- Mga detalye sa muling pagbubukas-





## Glosaryo

**Paghugas ng kamay:** Ang kilos ng puspulang paglilinis ng sariling mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo o paggamit ng pandisimpekta na may kakayahang tanggalin ang virus na nagdudulot ng COVID-19

**Paglayo sa kapwa:** Ang pisikal na paglayo nang hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal, o grupo ng mga indibidwal.

**Pagtitipon:** Isang grupo ng indibidwal na hindi mula sa iisang sambahayan na bahagi ng hindi planado o planadong kaganapan na nagtitipon nang higit sa sampung minuto

**PPE:** Personal protective equipment, o personal na kagamitang pamprotekta (hal., pantakip sa mukha, goggles, pangharang sa mukha); iba-iba ang mga kailangan batay sa industriya at mga partikular na sitwasyon

**Pagsusuri sa sarili:** Protokol kung saan sinasagutan ng isang empleyado ang mga tanong sa simula ng isang shift. Maaaring kabilang sa mga tanong ang mga sumusunod, sa ilalim ng patnubay ng Komisyonado ng Kalusugan:

- Nagkaroon ka ba ng temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit o gumamit ka ba ng pampababa ng lagnat sa nakaraang 24 na oras para gamutin ang temperatura ng katawan na higit sa 100 degrees Fahrenheit?
- Mayroon ka bang bagong ubo na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bago o lumalalang pananakit ng lalamunan na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Mayroon ka bang bagong pangangapos ng hininga na hindi mo matukoy bilang dulot ng iba pang kondisyon sa kalusugan?
- Nagkaroon ka ba ng ganap na pagkawala ng pang-amoy o panlasa kamakailan lamang?

**Halimbawang  
palatanungan  
para sa pagsusuri  
sa sarili**

# Maging Ligtas. Pangangalaga sa Bata

Mga Dulugan sa Pamublikong Kalusugan



Dahan-dahang  
Pagpapanumbalik  
(Yugto IV)

## Mga pambansang dulugan para sa karagdagang patnubay

**CDC** – *Activities and Initiatives Supporting the COVID-19 Response and the President's Plan for Opening America Up Again (Mga Aktibidad at Inisyatibong Sumusuporta sa Pagtugon sa COVID-19 at ang Plano ng Pangulo para sa Pagbubukas Muli ng Amerika)*: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/php/CDC-Activities-Initiatives-for-COVID-19-Response.pdf>

**CDC** – *Guidance for Businesses and Workplaces (Gabay para sa Mga Negosyo at Lugar ng Trabaho)* <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/organizations/businesses-employers.html>

**OSHA** *Guidance on Preparing Workplaces for COVID-19 (Gabay sa Paghahanda ng Mga Lugar ng Trabaho para sa COVID-19)*: <https://www.osha.gov/Publications/OSHA3990.pdf>

**CDPH** – *Mga alituntunin kapag may nakumpirmang tao na may COVID-19 sa iyong pasilidad*: <https://www.chicago.gov/content/dam/city/depts/cdph/HealthProtectionandResponse/What%20to%20do%20if%20confirmed%20COVID-19%20case%20in%20facility.pdf>

**Restore Illinois Childcare Guidelines** – *Guidelines for all providers issued by GOECD, IDPH, DHS and DCFS (Mga alituntunin para sa lahat ng provider na inilabas ng GOECD, IDPH, DHS, at DCFS)*: [https://www2.illinois.gov/dcms/brighterfutures/healthy/Documents/Day\\_Care\\_Guidance.pdf](https://www2.illinois.gov/dcms/brighterfutures/healthy/Documents/Day_Care_Guidance.pdf)

Webinar na naglalarawan sa mga alituntunin ng Illinois: <https://vimeo.com/433640279>

**US Department of Education** – *COVID-19 Information and Resources for Schools and School Personnel (Impormasyon at Dulugan ukol sa COVID-19 para sa Mga Paaralan at Tauhan ng Paaralan)*: <https://www.ed.gov/coronavirus>

**CDC** – *Guidance for Childcare, Schools and Youth Programs (Gabay para sa Pangangalaga sa Bata, Mga Paaralan, at Mga Programa para sa Kabataan)*: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/index.html>

**Supplemental Guidance from CDC** – *Guidance for Childcare Programs that Remain Open (Gabay para sa Mga Programa ng Pangangalaga sa Bata na Nananatiling Bukas)*: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/schools-childcare/guidance-for-childcare.html>

Ang anumang mga link na ibinigay sa dokumentong ito ay para sa layunin ng kaginhawaan at pagbibigay ng impormasyon lamang; hindi ito pag-endorso o pag-apruba ng Lungsod ng Chicago ng mga produkto, serbisyo, o opinyon ng korporasyon o organisasyon o indibidwal. Walang hinahawakang responsibilidad ang Lungsod ng Chicago para sa katiyakan, pagiging legal, o nilalaman ng panlabas na site o nilalaman ng mga sumusunod na link. Makipag-ugnayan sa panlabas na site para sa sagot sa mga katanungan tungkol sa nilalaman nito.

- Inirerekomendang patnubay -

Pangkalahatang  
patnubay sa  
lugar ng  
trabaho

Patnubay  
sa Pangangalaga  
sa Bata

Pahayag ng  
Pagtanggap

